

Pagyakap sa Sine Proprio
(Ang Pananaw ng mga Pransiskano sa
Bokasyon, Tugon, at Katapatan)
A Lord's Flock Worship Service Topic
Ni: Fr. Jose Eduardo Mayo, OFM
Setyembre 26, 2026

Ipinagdiriwang ng mga Pransiskano ngayong taon ang ika-800 anibersaryo ng kamatayan ni San Francisco. Siya ay isang binatang nagmula sa mayamang pamilya, pinatnubayan ng Espiritu, may karisma, at romantiko. Subalit, siya ay may matayog na kaisipan; nangarap siyang maging isang marangal na mandirigma. Sumali siya sa digmaan ng Assissi at Perugia, ngunit siya ay nadakip at nabilanggo. Sa panahong ito, siya ay nagkasakit at dito nagsimula ang kanyang pagbabalik-loob kay Hesus; tinalikuran ang lahat upang mamuhay nang *“sine proprio”* (walang anumang ari-arian sa mundo}. Siya ay itinalagang santo ni Papa Gregorio IX noong Hulyo 16, 1228. Ang kanyang pamumuhay ay nagpapakita ng tapat na pagtalima sa Diyos.

1. Nag-iwan si San Francisco ng pamana na nagbibigay-buhay sa loob ng 800 taon. Tinawag niya ang Diyos na *“pinakamataas at pinakaluwalhati; hiniling niya na siya ay pagkalooban nang tamang pananalig, tiyak na pag-asa, at perpektong pag-ibig.”*

1.1. Ang tamang pananampalataya sa Diyos ay nangangahulugang dapat natin Siyang hayaang maging Diyos at gabayan tayo.

1.2. Ang tiyak na pag-asa ay pagtitiwala na anuman ang mangyari sa kasalukuyan (hirap, sakit, kabiguan), ang plano ng Diyos ay mabuti at magaganap sa Kanyang oras.

1.3. Perpektong pag-ibig ay kawanggawa o pag-ibig na may gawa. Ang pag-ibig at sakripisyo ay magkasama: handang mag-alay ng pagsisikap nang may ngiti para sa kapwa. Sa kabilang banda, ang sakripisyo na walang pag-ibig ay kalupitan. Kung ang pag-ibig ay perpekto, madali ang magpakasakit para sa kabutihan ng iba at ialay ang buong sarili.

1.4. Humuling si San Francisco na siya ay liwanagan. Ang pag-unawa ay kaloob mula sa Diyos. Maglaan tayo ng oras upang pagnilayan ang ating araw, upang maunawaan ang ating sarili at matanto ang mensahe ng Diyos. Sa kabilang banda, hilingin natin sa Panginoon ang karunungan sa pagpapasya upang matulungan tayong malaman ang Kanyang kalooban at kung Siya ay sang-ayon sa ating ninanais.

2. Ninais ni San Francisco na maisakatuparan ang tunay at banal na kalooban ng Diyos.

2.1. Tinawag ng Diyos si Francisco nang tatlong beses, na nangangahulugang ang Kanyang pagtawag ay personal at may layunin. Tulad

nito, ang unang tawag ng Diyos sa atin ay personal. Ito ay nagsisimula sa **pasibong disposisyon** –pagiging kasapi ng komunidad; ang **aktibong disposisyon** – ang ating tugon ay ang kahandaang talikuran ang bagay na humahadlang sa pagtupad sa kalooban ng Diyos.

2.2. Nagpahayag ang Diyos kay Francisco *“humayo ka at kumpunihin mo ang Aking bahay, na kung titingnan mo ay gumuho na.”*

2.2.1 Tinatawag tayo ng Diyos sa kung anuman ang ating kalagayan dahil mayroong mga bagay sa mundo na tuluyan nang nasisisira. Kapag tumatawag ang Diyos, dapat tayong tumugon agad. Huwag nating i-katwirang kailangan muna nating magkaroon ng karanasan o tagumpay. Ang Diyos na ang magbibigay sa atin ng lakas.

2.2.2 “humayo ka at muling itayo ang Aking bahay.” Tinatawag Niya tayo sa isang misyon na personal; pumili tayo ng katuwang na tutulong sa atin maging banal at makasulong. Magbalik-loob tayo sa Diyos.

3. Ang estigmata ni San Francisco noong 1224. Nagkaroon siya ng isang pangitain sa Laverne ng isang lalaking nakapako sa krus na pinalalamutian ng anim na pakpak ng serapin. Nakadama sya ng pinaghalong kagalakan at habag. Natuklasan niya na nailimbag sa kanya ang mga sugat ni Hesus na patuloy na nagdudurugo. Itinalaga niya ang sarili na gawin ang kalooban ng Diyos: mapagpakumbaba, mahirap, disiplinado, at tapat sa paglilingkod sa kapwa. Nanalangin siya para sa dalawang biyaya na nagkaloob sa kanya ng stigmata.

3.1. maramdaman sa katawan ang hapdi na pinasan ni Hesus.

3.2. maramdaman sa puso ang pag-ibig ni Hesus at pagtiis para sa ating mga makasalanan.

4. Ang pag-ibig ng Diyos ay tunay at ganap. Magmahal din tayo tulad ng Diyos at mahalin ang kung ano ang mahal ng Diyos. Kung darating ang kamatayan, hindi tayo matatakot sapagkat ito ang magdadala sa atin kay Hesus. Si San Francisco ay hindi natakot dahil siya ay may kapayapaan at pagkakasundo sa kanyang puso.

KONKLUSYON: Ninais ni San Francisco na magkaroon ng isang pusong ganap na nakatalaga kay Kristo. Tayo din ay lumakad sa Espiritu at hayaan ang Espiritu na mamuno sa atin.

PAGNINILAY: Araw-araw, tanungin natin ang Diyos, “paano mo ako gustong maging alagad mo?”

SCRIBES Ministry

Isinalin ni: Nida A. Cruz

Na-Edit ni: Ma. Vera Tuplano

Tags: #St.Francis, #Pananalig, #Pag-asa, #Pag-ibig, #Alagad

<https://lordsflock.org/teachings/digests/>

<https://www.facebook.com/share/p/19gVaYzhV6/>